WE POWER Seattle

Ang Preview ng 2019–2024 Strategic Plan

Kakayahang Makabawi ng WE POWER

Bilang nangungunang lungsod sa panahon ng makabagong impormasyon, hindi na bago sa Seattle ang pagkakaroon ng pagbabago. Kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya, nasa mahalagang sandali na naman ng kasaysayan ang City Light. Pangunahing nakabatay ang 2019-2024 Strategic Plan sa karakter na mapangahas at mapangarap na pagkilos ng utility sa pamamagitan ng tahasang pagtugon sa mga hamong ito at pagbuo ng mga solusyong aakma sa kakayahan ng ating organisasyon na umangkop at makabawi.

Sa kabila ng pagseserbisyo sa isa sa mga pinakamabilis na lumaking lungsod sa bansa, naging mababa ang kita sa retail ng City Light kaysa sa inaasahan dahil sa tagumpay ng mga pagsusumikap nito sa pagtitipid ng enerhiya at mahihigpit na lokal na batas ukol sa istruktura ng gusali. Inaasahan sa bagong strategic plan na patuloy na maoobserbahan ang pababang trend gaya ng nakikita sa ibaba. Sa kasamaang-palad, ang mababang kita sa kuryente ay hindi nagresulta sa mas maliit na gastusin sa pagpapatakbo.

Isa lang ang hindi nagbago sa City Light: Patuloy pa ring nagsusumikap ang utility na matiyak na matatanggap ng mga customer nito ang pinakamagandang serbisyo hangga't maaari. Sa pamamagitan ng mga istratehikong inisyatiba sa 2019-2024 Strategic Plan, bumubuo ang City Light ng kumprehensibo, may iba't ibang aspetong pagtugon sa mga hamong kinakaharap ng utility.

Mula sa pagtatatag ng mga team sa pagpapahusay ng proseso sa buong enterprise at pagbuo ng hub para sa pagpapatatag ng ugnayan sa customer hanggang sa paghahanap ng mga karagdagang oportunidad para sa malinis na enerhiya, namumuhunan nang malaki ang City Light para sa isang organisasyong may kakayahang umangkop sa mga pangangailangan at tumugon sa mga hamon. Habang patuloy na tumataas ang demand ng customer para sa mga bagong produkto at serbisyo, umiigting din ang hindi matatawarang dedikasyon ng utility sa pagtugon sa demand na iyon. At, gaya ng parati, ang mga pagsusumikap ng City Light na labanan ang climate change at itaguyod ang social equity ang siyang gumagabay sa pagganap ng utility.

Kapag sama-sama, mapapanatili ng mga inisyatibang ito ang katayuan ng City Light bilang maaasahan at may prinsipyong nonprofit energy partner at mapapaigting ang pagtuon sa komunidad at sa kapaligiran—isang utility sa hinaharap, na nagsisilbi sa iyo ngayon.



Progreso ng WE POWER

Kasama sa 2019-2024 Strategic Plan ang mga inisyatibang susuporta sa apat na priyoridad.

1 Serbisyo sa Customer

Pahusayin ang Serbisyo sa Customer

Magbigay ng mahusay na serbisyo sa customer habang tinutugunan ang mga pangangailangan at inaasahan ng customer, magpapatupad ang City Light ng 24/7 na hub hinggil sa pakikipag-ugnayan sa customer na magpapalawak sa access ng customer sa impormasyon at tulong. Makakatulong sa mga customer ang hub na ito na nagbibigay ng kumpletong serbisyo sa mga customer para makapili sila ng kanilang paraan ng pakikipag-ugnayan, sa pamamagitan ng access sa kumpletong hanay ng mga serbisyo gamit ang maraming touchpoint.

2 Pagiging Abot-kaya at Hindi Pagbabagu-bago ng Rate

Pagbawi ng Kita

Pahusayin ang bill transparency at labanan ang pagbabagu-bago ng kita na pinalalala ng mga bumababang benta sa retail ng kuryente, muling bubuo ng mga rate ang City Light para mas maipakita ang gastusin sa pagseserbisyo sa mga customer nito.

Pagpapahusay sa Proseso ng Negosyo

Bumuo ng mga istratehiya para patuloy na matukoy at makuha ang mga oportunidad para sa pinahusay na paraan ng pagtitipid at pagbabawas ng mga gastusin, sa paghahatid ng mga serbisyo sa customer at para sa mga panloob na pagpapatakbo.

3 Pagtataguyod ng Malinis na Enerhiya at Pangangalaga sa Kapaligiran

Pagtataguyod ng Pangangalaga sa Kapaligiran

Ituloy ang pangunguna nito sa industriya pagdating sa pagpapaigting ng pagprotekta nito sa mga ecosystem kung saan ito nagpapatakbo.

Malinis at Renewable na Enerhiya para sa Lungsod

Patuloy na gabayan ang komunidad tungo sa hinaharap na may malinis na enerhiya. Makikipagtulungan ang utility sa mga customer at partner nito sa komunidad para mapataas ang produksyon ng enerhiya ng mga gusali, kagamitan, at transportasyon, pagpapanatili at pagpapalawig ng mga benepisyo ng ating abot-kaya at carbon-neutral na sistema ng eletricity.

4 Patuloy na Progreso sa Ating Pangunahing Negosyo

Kultura ng Kaligtasan

Patuloy na papahusayin ng City Light ang programa nitong Safe Work Environment (Ligtas na Pinagtatrabahuhan), na nagresulta sa pagkaunti ng mga napipinsalang empleyado nang 23 porsyento simula nang ipinatupad ito.

Lugar na Pinagtatrabahuhang Ligtas at May Kakayahang Makabawi

Magpapatupad ang City Light ng pinakamahuhusay na kagawain para pahusayin ang programa para sa seguridad, paghahanda sa emergency/pagbangon mula sa isang sakuna at pahusayin ang kakayahang maibalik sa dati ng mga pasilidad at serbisyo.

Maghikayat, Magsanay at Magpanatili ng Mga Empleyado

Upang matiyak na magkakaroon ng lugar na pinagtatrabahuhan na may kaalaman at magandang kondisyon sa hinaharap, patuloy na magpapatupad ang City Light ng komprehensibong istratehiya upang makahikayat ng mga kwalipikadong indibidwal nang hindi nagtatanggal sa kasalukuyan nitong kawani.

Pag-renew ng Lisensya ng Mga Kasalukuyang Hydroelectric na Proyekto

Ang mga hydroelectric dam ng utility ay inilaang maghatid ng maaasahang at abot-kayang enerhiya. Ang mga aplikasyon sa pag-renew ng lisensya para sa mga hydroelectric na proyekto ng Skagit, Newhalem at South Fork Tolt ay isusumite sa 2023, 2025 at 2027, ayon sa pagkakabanggit.

Pinahusay na Grid Performance at Cybersecurity

Patuloy na ia-upgrade ng City Light ang operational technology infrastructure at energy grid na pinapatakbo nito upang matugunan ang mga panganib sa cybersecurity at masuportahan ang mga pagpapatakbo ng power grid at wholesale power marketing.

Panatilihin ang Mga Asset sa Paggawa ng Hydroelectricity

Pahuhusayin ng City Light ang mga programa nito nang may istratehikong pagtuon sa maraming larangan ng pamumuhunan sa paggawa at pagpapanatili. Kasama sa mga pagpapahusay na ito ang pagpapatupad ng mga pagpapaigting sa kaligtasan ng dam, pagpapahusay sa mga proseso ng pagkontrol sa outage at pangmatagalang pagpaplano para sa sustainability ng mga hydroelectric asset nito.

Bagama't mahalaga ang pagsasagawa ng mga inisyatiba, hindi magtatagumpay ang bawat isa na makamit ang pinakahangad nitong resulta kung hindi muna ito susuriin sa patas na paraan. Ang bawat inisyatiba ay sadyang idinisenyo upang iakma sa pagtuon ng City Light sa pagiging patas sa epekto ng kapaligiran, lahi at katarungang panlipunan.

Seattle City Light

Web: seattle.gov/light/stratplan

Email: SCL_StrategicPlan@seattle.gov